

Modyul 17

Pagsulat ng Buod ng

Isang Akda



Tungkol saan ang modyul na ito?

Isa sa libangang kapaki-pakinabang ang pagbabasa. Pinalalawak nito ang kaalaman ng tao. Iba't ibang bagay ang natutunan di-lamang sa sariling kultura, kapaligiran at pamumuhay kundi maging sa ibang bansa.

Kung pagbabasa ang kinawiwilihan ng iba, mayroon namang higit na nais ang manood ng iba't ibang palabas sa sinehan o telebisyon. Nakaaaliw nga naman kung nakikita mo na'y naririnig mo pa ang sinasabi ng nagsisipagganap.

May mga pagkakataong ang anumang napanood o nabasa ay ibinabahagi sa iba. Subalit kung minsan, hindi ito maunawaan ng taong kinukuwentuhan. Bakit kaya? Alam mo ba ang dahilan? Minsan naman, parehong nakabasa o nakapanood, magkaiba ang paraan ng pagkukuwento at mga kaganapang ipinahahayag. Maaaring iba ang pag-unawa o pagtanggap ng bawat isa sa kanila. Ito ang sinasabing sining ng pagpapahayag. Dito makikita ang kariktan ng wika kung paanong ang mahabang kuwento o salaysay ay napaiikli nang di-nawawala ang kabuuang mensahe nito. Kaya mo ba itong gawin?



Ano ang matututunan mo?

Nakasusulat ng sariling pagbubuod sa akdang binasa



Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Gabay sa pansariling pagkatuto ang modyul na ito. Gamitin mo ito bilang patnubay sa tulong ng mga tuntunin. Upang maging makabuluhan at wasto ang iyong paggamit, kailangang maging malinaw sa iyo ang mga nararapat gawin. Huwag kang mag-alala, sundin mo ang mga sumusunod:

1. Sagutin mo ang panimulang pagsubok, ang bahaging Anu-ano Na Ba Ang Alam Mo? Gabay ito upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.
2. Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung nagkaroon ka man ng maraming mali, huwag mag-alala. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.
3. Pag-aralan mo na ang paksang-aralin. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain. Mababasa mo ang mga dapat gawin.
4. Tingnan mo kung naragdagan ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging Gaano ka na Kahusay? Pagkatapos, iwasto ang iyong sagot sa tulong ng susi.
5. Gamitin mo nang wasto ang modyul. Kaibigan mo ito. Sagutan nang mabuti. Huwag mong susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na papel o kaya ay notbuk.
6. Ang isang kaibigang nagmamalasakit ay dapat mong pahalagahan sapagkat mahalaga ka rin para rito.



Ano ba ang alam mo?

Huwag kang matakot sa pagsusulit na ito. Layon lamang nitong masukat ang dati mo nang kaalaman tungkol sa paksa.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na pangyayari upang mabuo ang buod ng “Impeng Negro”. Bilang lamang ang isulat.

1. Pagkakataon na niyang sumahod subalit muling isiningit ni Ogor ang kanyang balde sapagkat malapit lamang ang pinagdalan nito sa inigib na tubig.
2. Marami nang baldeng nakapila sa igiban nang umagang iyon nang dumating si Impen.
3. Nakaanim naman na siyang igib kayat ipinasya na lamang niyang umuwi upang maiwasan si Ogor at maging tampulan ng tuksuhan sa igiban.
4. Walang nagawa si Impen kundi ang magpaubaya kay Ogor.
5. Mahigpit ang bilin ng ina ni Impen bago siya bumaba ng bahay na huwag siyang makikipag-away na muli kay Ogor.
6. Nang siya’y paalis na, pinatid siya ni Ogor at tumama ang kanyang pisngi sa labi ng nabitiwang balde.
7. Sa labis na sakit na naramdaman niya ay tawanan pa sa paligid ang kanyang narinig.
8. Nakuha niya ang paghanga at paggalang ng mga taong nakapaligid sa kanila ni Ogor dahil sa nangyari.
9. Sumuko ang nanlulupaypay at duguang katawan ni Ogor.
10. Binalot ng poot ang kanyang dibdib laban kay Ogor kaya’t sinunggaban niya ito at walang habas na pinagsusuntok ang kalaban.

Iwasto mo ang iyong sagot. Tutulungan ka ng susi sa pagwawasto. Hingin mo ito sa iyong guro.

ARALIN 1. Paglapat ng mga kaalaman at kasanayan sa pagsulat ng buod ng isang akdang binasa



Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mapag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Napipili ang mahahalagang detalye at impormasyon sa akdang binasa
2. Nasusunod ang mahahalagang hakbang sa pagbubuod
3. Nakabubuo ng tamang balangkas ng isang buod
4. Nakapagbibigay-reaksyon sa isang halimbawa ng buod na binasa



Anu-ano na ang mga tiyak na alam mo?

Sa pagbubuod ng akda, nararapat alamin ang mahahalagang detalyeng napapaloob dito upang maging ganap ang kabuuan ng buod na isusulat.

Alam mo ba kung anu-ano ang mga ito?

Isulat ang 5 bilang ng mahahalagang detalyeng sa iyong palagay ay nararapat na ipaloob sa iyong buod.

1. Mga pangunahing tauhan sa akda.
2. Panahon kung kailan isinulat ang akda.
3. Oras kung kailan natapos.
4. Paksang iniinugan ng kuwento.
5. Lugar na pinagganapan ng kuwento
6. Pangunahin at mga pantulong na kaisipan.
7. Pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto. Hingin mo ito sa iyong guro.



Mga Gawain sa Pagkatuto

1. Alamin mo...

Kaya mo bang bumuo ng isang kuwento sa pamamagitan ng mga larawan?

Pagsunud-sunurin mo ang mga pangyayari sa loob ng kahon upang makabuo ng isang kuwento. Letra lamang ang isulat.

Nagkasakit ang ama.

A

Nagtapos sa kolehiyo ng may karangalan.

B

Naglabada ang ina upang siya'y mapag-aral

C

Nagtinda ng diyaryo upang makatulong sa ina.

D

Naging maunlad ang buhay.

E

Namatay ang ama.

F

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin ang susi sa pagwawasto sa iyong guro.

Gawain 1: Pagpili sa mahahalagang detalye at impormasyon sa akdang binasa.

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang buod ng kuwento.

Isang Kakaibang Pagbabalik
Victoria I. Ramos

Magkababata sina Ramon at Basilio. Magkatulad ang kanilang paniniwala at panuntunan sa buhay.

Ang nabasa sa pahayagan ang nakapagpabago ng prinsipyo ni Ramon na ganito ang isinasaad: Walumpung libong piso bilang gantimpala sa sinumang makapagtuturo sa isang taong pinaghahanap ng maykapangyarihan. Si Basilio na kanyang kababata ang tinutukoy ng panawagan.

Pauwi na si Ramon mula sa bundok na dating pinagtataguan dala ang salaping natanggap bilang gantimpala. Sa halip na kasiyahan ang madama ay balisa siya at punung-puno ng alalahanin. Hindi nawala sa kanyang isipan ang katawang payat ni Basilio na pinaglagusan ng mga bala.

Kinabukasan, hangos na kumatok sa pintuan ng pamilya ni Ramon ang asawa ni Basilio. Natagpuan daw niya ang supot ng salapi sa paanan ng kanilang hagdanan. Sino raw kaya ang nagdala noon. Samantala, sa di-kalayuan, natagpuan ang bangkay ni Ramon. Bibitin-bitin sa isang punungkahoy.

Panuto: Piliin at isulat ang letra ng wastong sagot na tumutugon sa isinasaad ng nasa loob ng kahon.

1.

Ano ang relasyon ni Ramon at Basilio sa isa't isa?

- a. magkapatid
- b. magkaibigan
- c. magkamag-aral

2.

Saan sila nanirahan?

- a. kabundukan
- b. kabukiran
- c. kanayunan

3.

Paano pinatay si Basilio?

- a. pinahirapan
- b. pinagbabaril
- c. pinagtataga

4.

Paano natunton ng mga sundalo ang kinaroroonan ni Basilio

- a. isinuplong ni Ramon
- b. natiktikan siya
- c. itinuro ng asawa

Bakit hindi mapalagay si Ramon sa kanyang ginawa?

Paano namatay si Ramon?

5.

- a. natatakot
- b. nasasabik
- c. nakokonsensiya

6.

- a. pinatay siya ng sundalo
- b. tumakas siya
- c. nagbigti siya

Gawain 2: Pagsunod sa Mahahalagang Hakbang sa Pagbubuod.

Hindi madali ang paggawa ng buod. Kailangang isaalang-alang ang mahahalagang hakbang upang ito’y maging malinaw at nauunawaan. Naririto ang mga hakbang sa pagbubuod.

1. Basahing mabuti ang buong akda upang maunawaan ito nang lubos.
2. Tandaan ang mahahalagang detalye tulad ng tauhan, tagpuan at pangyayari.
3. Suriin at pag-aralang mabuti ang mga kaisipang nais pagtuunan.
4. Pagsama-samahin ang magkakaugnay na kaisipan at pangyayari batay sa pagkakasunud-sunod nito.
5. Isulat nang maayos at malinaw ang buod.
6. Huwag ding kalilimutan ang pamagat at may-akda ng kuwento/akdang binasa.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Sagutin mo ang inihanda kong gawain upang malaman kung gaano mo naunawaan ang mga kaalamang aking inilahad.

Panuto: Basahing mabuti ang kuwento. Pagkatapos, isulat ang hinihingi ng bawa’t bilang.

Ang Pulubi

Erlinda M. Santiago at Evelina T. Inocencio

Siya ay palaboy. Malimit siyang matagpuang nakahilata o kung di-ma’y nakasubsob sa mga pang-ibabang baytang ng Luneta Grandstand. Sa mga dakong hatinggabi, makikitang banay-banay siyang maglakad, wari’y hinahatak ang mga paa sa kalakhan ng damuhang pinagpapahingahan ng mga magkakatipan. Nanghihingi ng limos. Iniiwasan siya kung minsan, sanhi ng kanyang hindi kanais-nais na amoy. Anong klase ang magiging amoy ng pulubing hindi naliligo? Unang oras ng madaling-araw, sa damuhang hindi kalayuan na Chinese Garden sa Rizal Park, ilang pareha ng mga

kabataang lalaki at babae ang nagtitipon. May kung anong pinagkakaabalahan. Paika-ikang nakalapit sa grupo ang pulubi.

“Hoy, Tanda, halika!” sigaw ng isang binatilyong medyo “high”.

Atubili ang pulubi. Lumapit sa kanya ang binatilyo at itinulak siya palapit sa grupo. Sabi ng isa:

“Gusto mong mamasyal sa langit, Tanda?”

Nakamata lang ang pulubi. Sa kanyang mukha’y naroon ang pagkainosente. May nagsindi ng sigarilyo. Pinilit iduldol sa bibig ng pulubi. Pagkahitit nang kaunti, ang matanda ay sinasal ng ubo. Tawanan ang grupo. Pagkaraan pa ng ilang gabi, nabuwag ang sindikato ng mga nagbebenta ng bawal na gamot na ang parokyano ay mga estudyante at kabataang naglalagi sa Luneta. Ang mabaho, hindi naliligong pulubi ay naglahong parang bula.

Panuto: Isulat ang hinihingi ng bawa’t bilang.

1. Isulat kung sino ang pangunahing tauhan sa kuwento.
2. Piliin at isulat ang letra ng mga pahayag na walang kaugnayan sa kuwento
 - a. Nagpanggap na pulubi ang matanda
 - b. Naghiganti ang pulubi sa mga kabataan
 - c. Namulat ang mga kabataan sa kahalagahan ng edukasyon
 - d. Wala nang kabataang nalululong sa mga bawal na gamot
3. Ang kaisipang tumutugon sa kabuuan ng kuwento ay
 - a. Mahilig makipagsapalaran o sumubok sa iba’t ibang bagay ang mga kabataan
 - b. Maraming kabataan ngayon ang nalululong sa ipinagbabawal na gamot
 - c. Suliranin sa pamilya ang dahilan ng pagkakalulong ng mga kabataan sa iba’t ibang bisyo
 - d. Mahirap unawain ang pag-uugali ng mga kabataan
4. Ang unang pangyayaring naganap sa kuwento ay
 - a. Nilapitan ng pulubi ang ilang pareha ng mga kabataang lalaki’t babaeng nagtitipon di-kalayuan sa Chinese Garden
 - b. Nanghihingi ng limos ang pulubi sa mga magkatipang nagpapahinga sa malawak na damuhan sa Luneta na nagsilbing tahanan niya
 - c. Tinawag ng isang binatilyo ang matandang pulubi at itinulak siya palapit sa grupo ng mga kabataan
 - d. Paika-ikang nakalapit ang pulubi sa grupo ng mga kabataan
5. Ang kuwento ay nagwakas sa
 - a. Pagkakabuwag ng sindikatang nagbebenta ng bawal na gamot
 - b. Pagkakahuli sa mga kabataang naglalagi sa Luneta
 - c. Pagsuko ng matandang pulubi
 - d. Pag-alis ng pulubi sa Luneta

Gawain 3: Pagbuo ng tamang balangkas ng isang buod.

Alam mo ba kung paano gumawa ng balangkas ng isang ulat o buod ng kuwento?

Bago mo sagutin ang gawaing inihanda ko, basahin at pag-aralan mo muna ang paksang ilalahad.

Ano ang balangkas?

Ang balangkas ay isang talaan ng mga impormasyong ilalahad o isusulat. Nakatala ang mga ito ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga impormasyong nabanggit.

Narito ang mga patnubay sa pagbabalangkas:

1. Isang pamagat lamang ang gagamitin sa balangkas
2. Bilang Romano ang gagamitin sa mga pangunahing paksa
3. Gamitin sa mga paksa sa ilalim ng mga pangunahing paksa ang malaking letrang A, B, C, D
4. Gamitin sa mga pantulong na detalye ang mga bilang Arabiko na 1, 2, 3, 4
5. Palugitan at ilinya nang sama-sama ang magkakatulad na pangkat
6. Gumamit ng tuldok pagkatapos ng letra o bilang ng bawat paksa
7. Gamitan ng malaking letra ang unang salita sa bawat paksa
8. Isulat na malalaking letra ang pamagat ng ulat o buod

Upang madali ang gagawing pagbabalangkas ng mga impormasyon, pangkatin ang mga impormasyong dapat magkakasama. Piliin ang mga pangunahing paksa.

Sundin ang ayos na ito sa pagbabalangkas

PAMAGAT

- I. Pangunahing Paksa
 - A. Paksa sa ilalim ng pangunahing paksa
 1. pantulong na detalye
 - 2.
 - 3.
 - B. Paksa sa ilalim ng pangunahing paksa
 1. pantulong na detalye
 - 2.
 - 3.
- II. Pangunahing Paksa

Narito ang isang halimbawa ng balangkas ng isang ulat o buod.

PAG-IINGAT SA LOOB NG TAHANAN

- I. Bakit kailangan ang Mabuting Pag-iingat sa Loob ng Tahanan?
 - A. Upang maiwasan ang di-inaasahang gastusin
 - B. Upang maiwasan ang mga aksidente

- II. Bakit Nagkakaroon ng Aksidente sa Tahanan?
 - A. Nakaliligtaang pansinin ang mga pinagmumulan ng panganib
 - 1. Madulas na sahig
 - 2. Laruang nagkalat
 - 3. Posporong hindi itinago
 - 4. Gamot na walang pangalan

 - B. Hindi tumpak na paggamit ng mga bagay
 - 1. Kutsilyo
 - 2. Matatalas o matutulis na bagay
 - 3. Kalang de-koryente / de-gas
 - 4. Plantsa

 - C. Mga hindi nakukumpuning sira
 - 1. Kawad ng kuryente
 - 2. Sirang hagdan
 - 3. Sirang silya/mesa

- III. Paano Makaiiwas sa Aksidente?
 - 1. Pagbisita sa buong bahay at paligid
 - 2. Pagtuturo sa mga bata ng mga dapat at di-dapat gawin

Makatutulong sa pagpuna ng sariling ulat ang mga tanong na ito:

- 1. Kapana-panabik ba ang pamagat ng aking ulat? Ito ba'y makatatawag ng pasin ng babasa o makikinig?
- 2. Lubha bang malawak o kulang sa impormasyon ang aking paksa?
- 3. Pinagsama-sama ko ba ang mga kaalamang magkakaugnay?
- 4. Nakatulong sa pagbuo ko ng ulat ang ginawa kong balangkas? Magagawa ko kaya nang maayos ang ulat ko kung walang balangkas?
- 5. Mahusay ba ang daloy ng mga kaalaman sa aking ulat mula sa simula hanggang huli?
- 6. Nagawa ko ba ang nararapat sa pagwawasto ng mga kamalian, pagdaragdag o pagbabawas ng mga impormasyon?

Naging malinaw ba sa iyo ang mga impormasyong inilahad? Mayroon ka bang di-naunawaan? Balikan mo at muling pag-aralan upang malaman kung paano ang pagbuo ng isang balangkas.

Natitiyak ko ngayong handa ka na sa pagsagot sa gawaing aking inihanda.

Maaari ka nang magsimula.

Panuto: Piliin at isulat ang mga impormasyong nakasulat sa ibaba na nararapat sa mga blangkong bahagi upang makabuo ng isang maayos na balangkas ng isang sanaysay.

PASINDI NGA PARE

I. Panganib na Dulot ng Sigarilyo

A.

1. Asido
2. Alkohol
3. Idrokarbon
4. Phenol
5. Glycerol
6. Nikotina

B.

1. Pagbara ng usok sa daluyan ng hangin
2. Pag-iiwan ng latak sa baga na sanhi ng kanser
3. _____
4. Pagkaramdam ng mabilis na pagkahapo

C.

1. Kinukulang ang bata ng kinakailangang dugo at oksihena
2. Kulang sa timbang/mahinang-mahina ang katawan

II.

1. Kanser sa baga, pantog, lapay
2. _____
3. Emphysema

III. Maling Paniniwala ng Tao

A.

- B. Di-pagpansin sa Nalalanghap na Usok ng Sigarilyo

IV. Pag-iwas sa Sakit na Dulot ng Sigarilyo

A.

- B. Iwasang Makalanghap ng Usok ng Sigarilyo

Pagpipilian:

Epekto sa Sanggol sa Sinapupunan
Sakit sa Puso
Taglay na kemikal
Paggamit ng pipa
Pagbilis ng Tibok ng Puso
Sakit na Nakukuha sa Paninigarilyo
Itigil ang Paninigarilyo
Epekto ng Usok ng Sigarilyo sa Katawan

Gawain 4: Pagbibigay - reaksyon sa isang nanmbawa ng buod na binasa

Panuto: Basahing mabuti ang buod ng dulang “Sa Pula, Sa Puti.” Pagkatapos, sagutin ang mga katanungan. Letra lamang ang isulat.

Malapit lamang ang bahay ng mag-asawang Celing at Kulas sa sabungan kaya’t di-kataka-takang ito ang maging bisyo ni Kulas.

Hindi maawat ni Celing ang asawa sa pagsasabong. Madalas silang magtalo dahil dito. Minsa’y nagpumilit si kulas na pumunta. Walang nagawa si Celing kundi ang magbigay ng pantaya. Pagkaalis ng asawa, agad na tinawag ni Celing si Teban, ang kanilang katulong, upang pumusta, subalit hindi sa manok ni Teban kundi sa kalaban. Matalo man ang asawa’y bawi lamang ang pera.

Kahit malasin sa katataya ay di pa rin sumuko si Kulas lalo na nang udyukan ng sabungero ring si Castor. Sinabi nitong wala silang pagkatalo sapagkat daraanin sa pandaraya. Duduruin ng karayom ang paa ng manok na kanilang isasabong upang humina at di na makapalo pa. Sa ginawang paliwanag ay naganyak na muling pumusta si Teban. Nangakong higit na malaki ang ipupusta sapagkat nakatitiyak na ng panalo. Naging mapagbigay naman si Celing subalit gaya nang dati, sa kalabang manok din pumusta si Teban gaya ni Kulas.

Kapwa talunan si Kulas at Celing sapagkat ang manok na kanyang pansabong ang siyang nanalo na hindi nila pinustahan.

1. Sa iyong palagay, bakit inuna ang pangalan ng tauhan sa buod?
 - a. sa kanila iikot ang kuwento o pangyayari
 - b. ipinaaalala ang magsisiganap
 - c. nakalimutang unahin ang lugar na paggaganapan ng mga pangyayari
 - d. magandang basahin ang mga pangalan
2. Ang buod ay winakasan sa
 - a. panghihinayang ng tauhan
 - b. kinahinatnan ng mga pangyayari
 - c. naging kapalaran ng manok

- d. paglalarawan ng katangian
3. Ang suliranin sa dula ay binanggit sa talata
- 1
 - 2
 - 3
 - 4
4. Alin sa mga sumusunod ang di-binanggit sa buod?
- tagpuan
 - suliranin
 - wakas
 - panahon
5. Ang kabuuan ng buod ay malinaw sapagkat
- nababasa ang mga pahayag
 - nahuhulaan ang wakas
 - sunud-sunod ang pangyayari
 - madaling maunawaan ang mga kaganapan

2. Lagumin mo ...

Subukin mo kung gaano ang iyong natutunan sa mga gawaing isinagawa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na pagsasanay.

Panuto: Basahing mabuti ang kuwento at pagkatapos sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Letra lamang ang isulat.

Panaginip Lang Pala . . .

Kaming magbabarkada ay masayang naglalakad patungo kina May. Si May ay kabarkada rin naming may niyugan sa Cavite. Kami ay inimitahan niyang mamuko “yun bang magkakain ng maraming buko!”

Sambit ng isang barkada “kakain na naman tayo ng maraming buko.” Nagtawanan kami habang patuloy na naglalakad, nang biglang may humarang sa amin. Isang pagkalaki-laking mamang may balak na masama! Natakot kami... nagtakbuhan... hindi malaman kung ano ang gagawin. Pinakamabagal akong tumakbo. Hingal na hingal na ako. Malayo na sina Cynthia, Guy at Perla. Papalapit na nang papalapit sa akin ang mama. “Inay!” ang nasambit ko. “Katapusan ko na yata!”

Nagsisigaw ako nang nagsisigaw. Ngunit tila walang nakaririnig sa akin. Isang hakbang na lang ay aabutan na ako ng mama. Nang ako’y mapasakamay na niya’y bigla akong nagulantang! Natabig pala ako ni Kathie. Nagising ako nang lubusan. Akala ko’y talagang katapusan ko na. Di ko akalaing ang mga nangyari’y panaginip lang pala.

1. Ang paksa ng unang talata ay tungkol sa
 - a. pamamasyal sa niyugan
 - b. paglalakad ng magkakabarkada
 - c. pagkain ng maraming buko
 - d. pakikipagsapalaran ng magkakabarkada

2. Alin sa mga pangungusap ang nagpapahiwatig ng masayang tagpo?
 - a. “kakain na naman tayo ng maraming buko.”
 - b. “Nagtawanan kami habang patuloy na naglalakad.”
 - c. “Si May ay kabarkada rin naming may niyugan sa Cavite.”
 - d. “kami ay inimbitahan niyang mamuko.”

3. Ang ikalawang talata ay tumutukoy sa
 - a. Nakaaaliw na kaganapan
 - b. Kamangha-manghang kuwento
 - c. Nakakatakot na tagpo
 - d. Kapana-panabik na pangyayari

4. Isulat ang pahayag na walang kaugnayan sa kuwento
 - a. Inimbitahang mamuko ang magbabarkada
 - b. Masaya silang naglalakad sa niyugan
 - c. Isang pagkalaki-laking mamang may balak na masama ang humarang sa kanila
 - d. Nagtagumpay ang mama sa kanyang masamang balak

5. Pangkatin sa dalawang hanay ang mga salitang magkakaugnay batay sa pagkakagamit sa kuwento.

Masayang Tagpo	Nakakatakot na Tagpo
magkakainan	masaya
nagtatawanan	pinakamabagal
naglalakad	pagkalaki-laking mama
balak na masama	inimbitahan

6. Ang pahayag na dapat isulat sa bilang Romano I ayon sa pabalangkas na ayos ay
 - a. Pagkain ng Niyog
 - b. Pagkatakot sa Mama
 - c. Pag-anyaya ni May sa mga kabarkada
 - d. Paglalakad sa Niyugan

7. Sa pahayag na “Panaginip Lamang Pala” ang pantulong na detalye nito ay
 - a. Nagsisigaw ako nang nagsisigaw
 - b. Akala ko’y talagang katapusan ko na
 - c. Natabig pala ako ni Kathie
 - d. Nagising ako nang lubusan
8. Kahit iisa lamang ang akdang ibinuod ay nagkakaiba-iba ang paraan ng presentasyon dahil sa
 - a. kasaklawan ng paksa
 - b. istilo ng sumulat
 - c. karanasan ng tao
 - d. pagkakaiba-iba ng interpretasyon

3. Subukin mo . . .

Panuto: Punan ng angkop na salitang makikita sa loob ng kahon sa ibaba ang bawat patlang sa talata upang mabuo ang diwang ipinahahayag nito.

Ang unang dapat gawin sa pagbubuod ay _____ 1 _____ ng akda. Kailangang _____ 2 _____ ang magkakaugnay na kaisipan at pangyayari ayon na rin sa _____ 3 _____ nito. Isaalang-alang din ang _____ 4 _____ detalye gaya ng _____ 5 _____, tagpuan at suliranin kung ito’y kuwento. Kung sanaysay naman, mahalagang isulat ang mga _____ 6 _____ ginamit at ang _____ 7 _____ nito sa kabuuan ng akda kung igagawa ng _____ 8 _____, gamitan ito ng bilang _____ 9 _____ para sa mga _____ 10 _____ paksa at malaking letrang A, B, C sa mga pantulong na paksa.

Romano	Tauhan
mahalagang	pantulong
terminong	pagbasa
pagsama-samahin	pagkakasunud-sunod
balangkas	kaugnayan
ulat pangunahing	salitang

4. Paunlarin mo . . .

Kung ang iskor na iyong nakuha sa pagsubok ay walo (8), maaari ka nang magsimula sa Aralin 2, subalit kung mababa rito ang iyong iskor, kailangan mo munang sagutin ang gawaing inihanda ko bago mo pag-aralan ang susunod na aralin.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

Panuto: Piliin at isulat lamang kung ano ang tinutukoy ng mga sumusunod na pahayag na matatagpuan sa susunod na pahina.

1. Ang banghay ng mga impormasyong ilalahad. Nakatala ang mga ito ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga impormasyon.
2. Pinaikling ulat ng isang teksto o akda.
3. Ang mga numerong dapat gamitin sa mga pantulong na detalye.
4. Ang nararapat isulat sa malalaking letra ng isang ulat o buod.
5. Ang tawag sa pinagkunan ng buod ng isang akda o teksto.

Pagpipilian

balangkas	sipi	Romano
malaking letra	buod	orihinal na akda
	arabiko	pamagat

ARALIN 2: Pagsulat ng Buod ng Isang Akda



Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mapag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Nahahango ang mga makabuluhang kaisipan sa akdang binasa
2. Nagagamit nang wasto ang mga kaalamang gramatika gaya ng pagbuo ng pangungusap at pagkilala sa maayos at mabisang pangungusap

3. Nakasusulat ng isang buod na may malinaw na presentasyon ng mga kaalaman
4. Nakasusulat ng isang buod batay sa tamang format at pagbubuo



Anu-ano na ang mga tiyak na alam mo?

Sa pagbubuo ng isang akda, mahalagang malamang hindi kinakailangan ang maliligoy o paulit-ulit na paggamit ng mga salita. Dapat na ito'y maging tiyak, payak at maayos upang madaling maunawaan ng sinumang babasa.

Sagutin mo ang pagsubok na inihanda ko para sa iyo upang mataya kung gaano ka kahusay bumuo ng mga pahayag.

Panuto: Piliin at isulat ang mga salitang hindi na kailangan pa sa pangungusap at hindi makapagpapabago sa mensaheng nais nitong iparating.

1. Pumasok siya sa loob ng silid at nagsimulang mag-ayos ng mga gamit.
2. Naging abala siya ng mga nakaraang araw sa paghahanda sa nalalapit niyang kaarawan sa okasyon.
3. Sinimulan niyang ayusin ang mga gamit na nakapatong sa ibabaw ng mesa.
4. Nang kanyang buksan ang nakasarang kabinet, may lumabas na bubuwit.
5. Mabilis ang karipas ng takbo ng bubuwit kaya't hindi ito inabot ng kanyang pamalo.



Mga Gawain sa Pagkatuto

1. Alamin mo . . .

Minsan, nakabasa ka ng mga pahayag na masyadong matalinghaga o malalim ang kahulugan. Kung ito'y ginamit sa akdang igagawa mo ng buod, mahihirapan ka kung di-maunawaan ang mga kaisipang nais nitong ipahayag. Mahalagang malaman ang mensaheng nais ipakahulugan ng mga salawikain o kasabihan upang di maging sagabal sa pag-unawa ng akdang binabasa.

Kaya mo bang ibigay ang kaisipang napapaloob sa pahayag na nakasulat sa ibaba?

Panuto: Isulat ang letra ng kaisipang tumutugon sa bawat pahayag.

1. Anak na di-paluin, ina ang patatangisin

2. Ang di marunong lumingon sa pinanggalingan, di makakarating sa paroroonan
3. Higit na matibay ang walis kung ito'y nabibigkis
4. Sa taong may hiya, ang salita'y panunumpa
5. Sa likod ng ulap, naroroon ang liwanag
 - A. Pagkakaisa ng lahat
 - B. Pagtupad sa pangako
 - C. Pag-asa sa buhay
 - D. Pagtanaw ng utang na loob
 - E. Pakikitungo sa kapwa
 - F. Pagdisiplina sa anak

Gawain 1: Paghango ng mga makabuluhang kaisipan sa binasa.

Panuto: Basahing mabuti ang talata. Pagkatapos, piliin ang kaisipang mahahango rito. Letra lamang ang isulat.

1. Kung dumarating ang mga pagsubok, ito ay inyong harapin. Lagi ninyong gawin ang matuwid. Linangin ninyo ang mabuting gawi upang hindi laging humihingi ng paumanhin. Kung dumarating na ang mga kahirapan na wari ay humahadlang sa inyo, harapin ninyo ito at subukin ang lahat ng paraang maaaring ikalutas nito upang makapagpatuloy kayo sa inyong magagandang balak.
 - a. Supilin ang sarili sa paggawa ng masama upang hindi makasakit ng kapwa.
 - b. Humingi ng paumanhin sa mga taong nagawan ng pagkakamali.
 - c. Huwag mawawalan ng loob sa tuwing mahaharap sa pagsubok upang makamit ang anumang minimithi sa buhay.
 - d. Taglayin sa tuwina ang magagandang-asal upang patuloy na matamo ang mga biyayang kaloob ng Maykapal.
2. Kung ang mga tao'y marunong gumamit at mangalaga sa mga likas na kayamanan ng bayan, sila'y di mawawalan ng gawain. Ang paninira at walang patumanggang pagpuputol ng ating mga punungkahoy sa gubat. Ang pangingisda sa pamamagitan ng lason at dinamita at ang pagbibili ng ating lupain sa mga banyaga ay pawang nakapipigil sa pag-unlad natin.
 - a. Nakaaapekto sa pag-unlad ng kabuhayan ang kawalan ng pagmamalasakit natin sa kalikasan.
 - b. Nagbibigay ng iba't ibang hanapbuhay sa mga mamamayan ang mga likas-yaman ng ating bayan.
 - c. Nakaaapekto sa ating buhay ang pagpuputol ng mga punungkahoy, paggamit ng dinamita at pagbebenta ng mga lupain sa dayuhan.
 - d. Nawawalan ng pag-asa ang mga mamamayan sa pagkasira ng ating kalikasan.

3. Kung ang bawa't tao'y nakakikilala sa Diyos, wala nang digmaang magaganap, alitan at kaguluhan. Wala nang piitan sapagkat wala nang gagawa nang masama.
 - a. Maiiwasan ang paggawa ng masama kung matututo lamang magdasal ang tao.
 - b. Hindi kailan man makagagawa ng masama ang taong nakakikilala sa Diyos.
 - c. Walang digmaang magaganap kung tatanggapin ng tao ang Diyos sa kanyang buhay.
 - d. Namamayani ang kapayapaan at kabutihan kung ang bawa't tao'y may takot sa Diyos.

4. Hindi sapat na mabuhay lamang nang matagal. Kailangang maging kasiya-siya ang panahong itatagal natin sa daigdig. May malaking kinalaman dito ang pamimili ng wastong pagkain.
 - a. Nakapagpapahaba ng buhay ang pamimili ng wastong pagkain.
 - b. Gawaing kasiya-siya ang buhay na ilalagi sa mundo sa pamamagitan ng wastong pagkain.
 - c. Nakatutulong nang malaki ang pamimili ng wastong pagkain sa pananatili ng mahaba at kapaki-pakinabang na buhay.
 - d. Magiging kasiya-siya ang buhay kung mapananatili natin itong malakas at malusog.

5. Magiging maligaya ang ating pamumuhay kung tayo'y magtataglay ng ganap na kalusugan – malusog na pangangatawan, isipan at emosyon.
 - a. Matatamo ang kaligayahan sa buhay kung ang isang tao'y may malusog na pangangatawan at isipan.
 - b. Kalusugan ng katawan, isipan at emosyon ang puhunan sa tagumpay.
 - c. Magiging maligaya lamang ang tao kung siya'y malusog.
 - d. Ang kalusugan ng isang tao'y matuturing na kayamanan.

Gawain 2: Paggamit ng kaalamang gramatikal sa pagbuo ng pangungusap at pagkilala sa maayos at mabisang pangungusap.

A. Pagbuo ng pangungusap

Panuto: Isaayos ayon sa pagkakasunud-sunod ang lipon ng mga salita upang makabuo ng isang mabisang pangungusap. Mga letra lamang ang isulat.

1. Karaniwan lamang sa mga taong nakikipagtunggali sa buhay
 - a. at matapos na
 - b. ang maghangad na mawala
 - c. ang mga suliranin sa buhay

- d. nang lahat ang hirap
- 2. Ang mumunting kabiguan
 - a. ay nagbibigay-ningning
 - b. sa mga mithiin
 - c. at pangarap sa buhay
 - d. ang pagkatalo pala
- 3. Hanggang may nalalabing mga suliraning dapat lutasin
 - a. at bahaginan ng kalinga at pagmamahal
 - b. mga taong nararapat na tulungan
 - c. ang kaganapan sa buhay
 - d. ay hindi pa natatamo
- 4. Ngayon ko napatunayang
 - a. mga mahal sa buhay
 - b. matamis palang
 - c. makipagsapalaran
 - d. nang dahil sa iyong
- 5. Ngayon ko nalaman
 - a. na hindi pala makakamit
 - b. sa pamamagitan
 - c. lamang ng tagumpay
 - d. ang lubos na kaligayahan

B. Pagkilala sa maayos at mabisang pangungusap.

Panuto: Piliin at isulat ang letra ng may pinakamaayos at mabisang pangungusap.

- 1.
 - a. Isang pagpapakilala ng kabutihang-asal ng mga anak at pagkilala sa kapangyarihan ng magulang ang paghalik ng kamay ng anak.
 - b. Ang paghalik ng kamay sa magulang ng anak ay pagpapakilala ng kabutihang-asal ng mga anak at pagkilala sa kapangyarihan.
 - c. Isang pagpapakilala ng kabutihang-asal at pagkilala sa kapangyarihan ang paghalik ng anak sa kamay ng kanilang mga magulang.
 - d. Ang pagkilala sa kapangyarihan ng magulang at pagpapakilala ng anak ng kabutihang-asal ay maipapakita ng anak sa paghalik nila sa kamay ng kanilang magulang.
- 2.
 - a. Itinuturing na kalapastanganan ng isang bata ang tumawag sa kanyang nakatatandang kapatid nang hindi gumagamit ng mga ukol na paggalang.
 - b. Ang tumawag sa kanyang nakatatandang kapatid ay itinuturing na kalapastanganan nang hindi gumagamit ng mga ukol na paggalang ng isang bata.
 - c. Itinuturing na kalapastanganan sa kanyang nakatatandang kapatid ng isang bata nang hindi gumagamit ng mga ukol na paggalang.

- d. Ang tumawag sa kanyang nakatatandang kapatid nang hindi gumagamit ng mga ukol na paggalang ng isang batang itinuturing na kalapastanganan sa kapatid.
3.
 - a. Mabisang tagapagpaalala ang pagdarasal tuwing orasyon ng kanilang tungkulin sa pamilya sa lahat ng mga anak at sa mag-asawa.
 - b. Mabisang tagapagpaalala ang pagdarasal ng orasyon sa lahat ng mga anak at sa mag-asawa ng kanilang tungkulin sa pamilya.
 - c. Ang pagdarasal ng orasyon ay mabisang tagapagpaalala ng kanilang tungkulin sa pamilya sa lahat ng mga anak at sa mag-asawa.
 - d. Sa lahat ng mga anak at sa mag-asawa ang mabisang tagapagpaalala ng kanilang tungkulin sa pamilya ay orasyon.
4.
 - a. Ipinalalagay sa kawalang ng bait ng isang bata ay kakulangan sa pagtuturo ng magulang kung ang bata ay sumasali sa usapan ng matatanda.
 - b. Kung ang bata ay sumasali sa usapan ng matatanda, ipinalalagay na kawalan ng bait ng bata at sa pagtuturo ng bata ay kakulangan.
 - c. Kawalan ng bait ng isang bata at ipinalalagay na kakulangan sa pagtuturo ng magulang kung ang bata sa usapan ng matatanda ay sumasali.
 - d. Kakulangan sa pagtuturo ng magulang at ipinapalagay na kawalan ng isang bata ang sumali sa usapang ng matatanda.
5.
 - a. Naghangad ng masama sa kanyang mga anak, magulang ay wala.
 - b. Magulang ay walang naghangad nang masama sa kanilang mga anak.
 - c. Walang magulang naghangad nang masama sa kayang mga anak.
 - d. Sa kanyang mga anak na naghangad nang masama, walang magulang.

Gawain 3: Pagsulat ng buod na may malinaw na presentasyon ng mga kaalaman.

Panuto: Piliin at isulat ang letra ng pahayag na angkop sa bawat patlang upang mabuo ang isang talatang naglalahad ng malinaw na presentasyon ng mga kaalaman.

Ang walang halagang buhay ay isang maagang kamatayan.

Isang kasabihan ang “marami ang may hininga subalit walang halaga.” Nabubuhay na walang katuturan at nagiging pasanin pa ng tahanan at lipunan ang mga salarin at tamad ay kabilang sa malaking hukbo ng mga nakapagpapabigat sa kabuhayan ng bansa 1. _____.

Ang buhay na walang kinabukasan at pangarapin sa paggawa ng mabuti at paglilingkod sa kapwa ay kawa-awang buhay. Ang taong nabubuhay sa sarili lamang ay di kataka-takang malimot ng tanan. 2. _____.

Hindi ang dami ng taon ng paninirahan sa daigdig ang uri ng buhay at nagawa ang nagpapatingkad sa abang katauhan. Sina Rizal, Gregorio del Pilar at Wenceslao

Vinzons ay nagsiyao sa panahon ng kanilang kabataang gulang.
3. _____
Ang labis na nagpapahalaga sa pansamantalang buhay na ito ay siyang agad
nawawalan. 4. _____ 5.

- A. Ang buhay na handang magpakasakit alang-alang sa isang simulain sa karapatan at kaligayahan ng marami ay siyang walang kamatayan.
- B. Subalit sila’y magkakapatid na bituin sa kasaysayan ng maluwalhating labi na hindi malilimot kailanman.
- C. Kaya nga’t isang maagang kamatayan ang walang halagang buhay.
- D. Ang palad na inilaan sa paglilingkod sa bayan ay nananatiling kaluwalhatian.
- E. Sila ang mga patay sa gitna ng mga buhay.

Gawain 4: Pagsulat ng isang buod batay sa tamang format at pagbubuo.

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na talata upang makabuo ng isang buod ng kuwento. Isaalang-alang ang tamang format at pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari. Isulat nang buo ang buod ng kuwento.

Kuwento ni Mabuti
Genoveva Edroza Matute

1. Isang araw, habang siya’y tahimik na umiiyak sa isang sulok ng silid-aklatan, nadatnan siya ni Mabuti. Katulad niya, nagpunta rin doon ang guro upang umiyak. Hindi na siya nakaiwas pang di ipagtapat ang suliraning dinadala.
2. Bukambibig ng guro ang salitang “mabuti” kaya ito ang itinaguri sa kanya ng kanyang mga mag-aaral. Isa sa kanyang mag-aaral ang lihim na humahanga sa kanya hindi sa panlabas na anyo kundi sa kabutihan ng kanyang pagkatao.
3. Hanggang minsang narinig niya ang isang kamag-aral na may alam pala tungkol sa ama ng anak ni Mabuti, na ito ay isang doktor. Nabalitaan din niya ang tungkol sa pagpanaw nito.
4. Dito niya lubos na naunawaan kung bakit iniwasan ni Mabuti ang magbanggit ng kahit na ano tungkol sa kanyang asawa.
5. Sa halip na pagkapahiya, dahil sa inaalang walang halagang suliranin, pagmamalasakit ang kanyang nadama mula sa guro, sa pag-uukol nito ng panahon sa pakikinig.
6. Na ito’y ibinurol hindi sa bahay ni Mabuti kundi sa ibang bahay.

2. Lagumin mo . . .

A. Panuto: Piliin ang wastong sagot. Letra lamang ang isulat.

1. Ang pagkabigo sa isang hangarin sa buhay ay hindi nangangahulugan ng pagkabigo ng pangarap. Maraming lagusan ang isang tao na mataman at matapat niyang pagtugaygay sa kanyang layunin sa buhay. Tandaan lamang na ang Roma ay hindi naitayo sa isang araw.

Anong kaisipan ang tumutugon sa talata?

- a. Unti-unti ang pagtatamo sa hinahangad na mga pangarap sa buhay.
 - b. Mahirap ang mabigo sa mga layunin.
 - c. Maraming pagtatangka ang nararapat gawin upang matupad ang mga pangarap.
 - d. Huwag susuko sa mga suliranin sa buhay.
2. Sinasabing ang pagkasiphayo sa mga unang pagtatangka sa buhay ay nakapagpapahinahon sa isang tao upang sa mga susunod niyang pagbalangkas ay taglayin ang katalinuhan.
 - a. Nakapagpapahinahon ang mga kabiguang nararanasan.
 - b. Natututong magpakahinahon ang mga nakararanas ng pagkasiphayo
 - c. Nagiging matalino ang isang taong nabibigo.
 - d. Mabuting magturo ang karanasan.
 3. Sinasabing ang lakas ng isang bansa ay nakasalalay sa kanyang mga mabuting mamamayan. Sila ang inaasahang magpapaunlad ng kanilang sariling bansa sa pamamagitan ng mabuting paglilingkod at pangangalaga sa kalagayan ng bayan.
 - a. Sa mabuting mamamayan nakasalalay ang pagpapaunlad ng bansa.
 - b. Mamamayan ang inaasahang mangangalaga sa bayan.
 - c. Lalakas ang isang bansa kung pangangalagaan ang kalagayan ng bayan.
 - d. Mapauunlad ang bayan ng kanyang mamamayan.
 4. Alin sa mga pangungusap ang wasto?
 - a. Sandigan ng kinabukasan sa bansa ang kabataan.
 - b. Kabataan ang sandigan ng bansa sa kinabukasan.

- c. Ang kinabukasan ay sandigan ng kabataan.
 - d. Ang bansa sa kinabukasan ay sandigan ng kabataan.
5. Ang mga sumusunod na pangungusap ay wasto, maliban sa isa
- a. Dakilang mithiin ng Pangulong Manuel L. Quezon ang pagkakaroon ng sambayanang Pilipino ng isang wikang pambansa.
 - b. Pagkakaroon ng isang wikang pambansa ng sambayanang Pilipino ang dakilang mithiin ng Pangulong Manuel L. Quezon.
 - c. Ang pagkakaroon ng sambayanang Pilipino ng isang wikang pambansa ang dakilang mithiin ng Pangulong Manuel L. Quezon.
 - d. Mithiin ng Pangulong Manuel L. Quezon ang pagkakaroon ng dakilang sambayanang Pilipino ng isang wika.
- B. Basahin at unawaing mabuti ang buod ng “Sa Mga Kuko ng Liwanag”. Pagkatapos, sagutin ang mga katanungan. Letra lamang ang isulat.

Nagpunta si Julio sa Maynila upang hanapin ang kasintahang si Ligaya Paraiso na napilitang sumama kay Gng. Cruz na nangakong magbibigay sa kanya ng hanapbuhay. Napag-alaman ni Julio na si Ligaya ay kinakasama ng isang Intsik, si Ah-tek. Nagkita ang magsing-irog at nagbalak na tumakas patungong Marinduque. Sa pagtatangkang pagtakas ni Ligaya nahuli siya ni Ah-tek at napatay si Ligaya sa sakal. Pagkatapos ng libing ni Ligaya, dali-daling nakipagkita si Julio kay Ah-tek upang maghiganti. Nagsisigaw ang Intsik kayat nakatawag ito ng pansin ng mga tao sa paligid. Sa pag-aakalang magnanakaw, hinabol siya ng taong bayan at binugbog hanggang sa mapatay.

6. Ang unang pangyayari sa kuwento ay
- a. pagsama ni Ligaya kay Gng. Cruz
 - b. pagbibigay ng hanapbuhay ni Gng. Cruz
 - c. pag-aasawa ni Ligaya
 - d. paghahanap ni Julio kay Ligaya
7. Ang kuwento ay nagwakas sa isang
- a. melodrama
 - b. komedya
 - c. trahedya
 - d. katatakutan
8. Ang suliraning binanggit sa kuwento ay tungkol sa
- a. pagiging mangmang ni Ligaya
 - b. pagkawala ni Ligaya
 - c. pagkapariwara ng buhay ni Ligaya
 - d. pagkaligaw ni Ligaya
9. Ang halos kabuuan ng kuwento ay naganap sa
- a. Maynila
 - b. Marinduque

- c. Lalawigan
- d. Iskwater

10. Alin sa mga sumusunod na salita ang nagpapahiwatig na hindi naging maligaya sa buhay si Ligaya sa kabila ng karangyaan sa piling ni Ah-tek?
- a. pakikipagkasundo
 - b. pagtakas
 - c. pagpapakamatay
 - d. paghihiganti

3. Subukin mo . . .

Isaayos at isulat ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari upang mabuo ang buod ng kuwentong “Mabangis na Lunsod.”

Isaalang-alang ang pagtatalata.

1. Sa bawat araw na pamamalimos ay kailangang magbigay siya ng piso kay Bruno, sapagkat kung hindi ay sasaktan siya nito.
2. Tanghali na’y ilang singkong bagol pa lamang ang nasa kanyang bulsa. Gutom na gutom na siya subalit kailangan pang mamalimos sapagkat pagdating ni Bruno’y tiyak na hihingin nito ang kanyang parte.
3. Buhay ni Adong ang simbahan ng Quiapo. Mawala na ang lahat huwag lamang ang simbahan at ang mga taong pumapasok at lumalabas dito.
4. Natulig siya. Nahilo at pagkaraan ng ilang sandali, hindi na niya naramdaman ang kabangisan sa kapayapaang biglang kumandong sa kanya.
5. Nahuli siya ni Bruno at dahil sa liit niya’y animo isang sisiw ang niluluray ng matitigas nitong bisig.
6. Pamamalimos ang kanyang ikinabubuhay at ito na rin ang nagsilbi niyang tirahan.
7. Ang araw na iyon ay tila ipinagkait kay Adong sapagkat kakaunti lamang ang nanlimos sa kanya.
8. Dito niya nakilala si Aling Ebeng at ilan pang pulubi.
9. Nang sabihin ni Aling Ebeng na dumarating na si Bruno, hindi takot ang kanyang naramdaman kundi paghihimagsik ng kalooban, ng pagnanais na makatakas sa anino ni Bruno, sa gutom, sa kabangisan at kapaligirang kanyang kinasusuklaman.

10. Tumakbo siya upang makalayo sa dumarating na si Bruno. Nagpasikut-sikot sa maliliit na iskinita.

4. Paunlarin mo . . .

Wasto ba ang lahat ng iyong naging kasagutan? Nangangahulugan lamang na naging maingat ka sa pagsusuri ng mga pangyayari upang maging maayos at malinaw ang buod na iyong isinusulat. Kung mayroon ka mang kamalian, muli mong balikan ang iyong ginawa upang malaman kung bakit iyon ang tamang sagot.

Muli mong sagutin ang inihanda kong gawain upang mapalawak pang lalo ang iyong kaalaman.

Panuto: Pagsunud-sunurin ang mga pahayag upang makabuo ng isang mabisang buod ng sanaysay. Isulat ang buod.

1. Dapat nating isaisip na walang makatutulong sa ating sarili kundi tayo rin.
2. Maaaring ngayon ay malakas tayo ngunit bukas makalawa ay may mabigat na karamdaman na.
3. Kaya dapat ay mayroon tayong naitatabi upang may magamit sa oras ng pangangailangan.
4. Hindi lamang karamdaman ang dapat nating paghandaan kundi mga sakuna at di-inaasahang pangyayari.
5. Bawat tao ay kailangang matutong mag-impok para sa hinaharap.



Gaano ka na kahusay?

Panuto: Isaayos ayon sa wastong pagkakasunud-sunod ang mga pahayag upang makabuo ng isang talata. Bilang lamang ang isulat.

1. Kaya dapat ay alagaan nating mabuti ang ating kalusugan.
2. Kapag tayo ay may karamdaman, nauubos ang ating pera at kabuhayan sa pagpapagamot.
3. Samantalang kung malusog ang ating katawan, bukod sa hindi tayo magkakagasta ay maligaya pa tayo.
4. Ang kalusugan ng isang tao ay maituturing na isang kayamanan.

5. Hindi rin tayo makapaghanapbuhay.

Susi sa Pagwawasto sa Modyul 17

Anu-ano na ba ang alam mo?

- | | | | |
|----|---|-----|----|
| 1. | 5 | 6. | 6 |
| 2. | 2 | 7. | 7 |
| 3. | 1 | 8. | 10 |
| 4. | 4 | 9. | 9 |
| 5. | 3 | 10. | 8 |

Anu-ano na ang mga

Tiyak na alam mo?

- | | | |
|----|---|----------------------------|
| 1. | 1 | } Kahit di sunud-
sunod |
| 2. | 4 | |
| 3. | 5 | |
| 4. | 6 | |
| 5. | 7 | |

Alamin mo . . .

1. A
2. F
3. C
4. D
5. B
6. E

Gawain 1

1. B
2. A
3. B
4. A

Gawain 2

1. pulubi
2. C, B at D
3. B
4. A
5. D

Gawain 3

- I. A. Taglay na kemikal
B. Epekto ng Usok ng Sigarilyo sa Katawan
C. Epekto sa Sanggol sa Sinapupunan
- II. Sakit na Nakukuha sa Paninigarilyo
2. sakit sa puso
- III.
A. Paggamit ng Pipa
- IV.
A. Itigil ang Paninigarilyo

Gawain IV

1. A
2. B
3. A
4. D

5. C
6. C

Lagumin mo . . .

1. A
2. B
3. C
4. Nagtagumpay ang mama sa kanyang masamang balak
5. Masayang Tagpo magkakainan nagtatawanan naglalakad masaya inimitahan Nakatatakot na Tagpo

Pinakamabagal

6. Pag-anyaya ni May sa mga kabarkada
7. Akala ko'y katapusan ko na
8. B

Subukin mo . . .

1. pagbasa
2. pagsama-samahin
3. pagkakasunud-sunod
4. mahahalagang
5. tauhan
6. terminong
7. kaugnayan
8. balangkas

Gawain I

1. C
2. A
3. D
4. C
5. A

Gawain 2

- A. 1. B D A C
2. D A B C
3. B A D C
4. B C D A

5. C

9. Romano
10. pangunahing

Paunlarin mo . . .

1. balangkas
2. buod
3. Romano
4. pantulong na paksa
5. orihinal na akda

Aralin 2

Anu-ano ang mga Tiyan na Alam Mo?

1. loob
2. okasyon
3. ibabaw
4. nakasarang
5. karipas

Alamin mo

1. F
2. D
3. A
4. B
5. C

Gawain 4

Bukambibig ng guro ang salitang “mabuti” kaya ito ang itinaguri sa kanya ng kanyang mga mag-aaral. Isa sa kanyang mag-aaral ang lihim na humahanga sa kanya hindi sa panlabas kundi sa kabutihan ng kanyang pagkatao.

Isang araw, habang siya’y tahimik na umiiyak sa isang sulok ng silid-aklatan nadatnan siya ni mabuti. Katulad niya, nag-punta rin doon ang guro upang umiyak. Hindi na siya nakaiwas pang di-ipagtapat

5. A D B C

- B. 1. C
2. A
3. B
4. A
5. C

Gawain 3

1. F
2. A
3. B
4. C
5. E

Lagumin mo . . .

1. A
2. B
3. A
4. B
5. D
6. A
7. C
8. C
9. A
10. B

Subukin mo . . .

Buhay ni Adong ang simbahan ng Quiapo. Mawala na ang lahat huwag lamang ang simbahan at ang mga taong pumapasok at lumalabas dito.

Pamamalimos ang kanyang ikinabubuhay at ito na rin ang nagsilbi niyang tirahan. Dito niya nakilala si Aling Ebeng at ilan pang pulubi.

Sa bawat araw na pamamalimos ay kailangang magbigay siya ng piso kay Bruno, sapagkat kung hindi ay sasaktan siya nito.

Ang araw na iyon ay tila ipinagkait kay Adong sapagkat kakaunti lamang ang nanlimos sa kanya. Tanghali na'y ilang singkong bago palamang ang nasa kanyang bulsa. Gutom na gutom na siya subalit kailangan pang mamalimos sapagkat pagdating ni Bruno'y tiyak na hihingin nito ang kanyang parte.

ang suliraning dinadala.

Sa halip na pagkapahiya dahil sa inakalang walang halagang suliranin, pagmamalasakit ang kanyang nadama mula sa guro. Sa pag-uukol nito ng panahon sa pakikinig .

Hanggang minsang narinig niya ang isang kamag-aral na may alam pala tungkol ama ng anak ni Mabuti, na ito ay isang doktor. Nabalitaan din niya ang tungkol sa pagpanaw nito.

Dito niya lubos na naunawaan kung bakit iniwasan ni Mabuti ang magbanggit ng kahit na ano tungkol sa kanyang asawa.

Na ito'y ibinurol hindi sa bahay ni Mabuti kundi sa ibang bahay.

Nang sabihin ni Aling Ebeng na dumadating na si Bruno, hindi takot ang kanyang naramdaman kundi paghihimagsik ng kalooban, ng pagnanais na makatakas sa anino ni Bruno, sa gutom, sa kabangisan at kapaligirang kanyang kinasusuklaman.

Tumakbo siya upang makalayo sa dumarating na si Bruno. Nagpasikut-sikot sa maliliit na iskinita.

Nahuli siya ni Bruno at dahil sa liit niya'y animo isang sisiw ang niluluray ng matitigas nitong bisig.

Natulig siya. Nahilo at pagkaraan ng ilang sandali, hindi na niya naramdaman ang kabangisan sa kapayapaang biglang kumandong sa kanya.

Paunlarin mo . . .

Bawat tao ay kailangang matutong mag-impok. Maaaring ngayon ay malakas tayo ngunit bukas makalawa ay may mabigat na karamdaman na. Hindi lamang karamdamanang dapat nating paghandaan kundi mga sakuna at di-inaasahang pangyayari. Dapat nating isaisip na walang makatutulong sa ating sarili kundi tayo rin. Kaya dapat na mayroon tayong naitatabi upang may magamit sa oras ng pangangailangan.

Gaano ka na kahusay?

1. 4
2. 2
3. 5
4. 3
5. 1

Modyul 17	Kasanayan sa Pagsulat			
	Pagsasalita	Pagbasa	Pagsulat	Pamagat
	Nakapagbibigay-reaksyon sa isang halimbawa ng buod na binasa	Napipili ang mahahalagang detalye at impormasyon sa akdang binasa	Nakabubuo ng tamang balangkas ng isang buod	Pagsulat ng buod ng isang akda
	Nagagamit nang wasto ang mga kaalamang gramatikal gaya ng pagbuo ng pangungusap at pagkilala sa maayos at mabisang pangungusap	Nahahango ang mga makabuluhang kaisipan sa akdang binasa	Nakasusulat ng isang buod na may malinaw na presentasyon ng mga kaalaman Nakasusulat ng isang buod batay sa tamang format at pagkakabuo	